
2

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 8: Pagsulat nang Wasto sa mga Salitang Idinikta



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Filipino – Ikalawang Baitang 2
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan – Modyul 8: Pagsulat ng wasto sa mga Salitang Idinikta
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| Manunulat: | Erwin G. Maneje |
| Patnugot ng Wika: | Remedios C. Gerente PhD-CAR |
| | Alma T. Bautista PhD |
| | Marieanne C. Ligsay PhD |
| Tagasuri: | Edquel M. Reyes MLIS |
| | Remedios C. Gerente PhD-CAR |
| | Sonny N. De Guzman EdD |
| | Marieanne C. Ligsay PhD |
| Tagaguhit: | Isagani D. Tique, Norman B. Cruz |
| Tagalapat: | Armando Deogines A. Garcia, Norman B. Cruz |
| Tagapamahala: | Nicolas T. Capulong PhD, CESO V |
| | Ronilo Al K. Firmo PhD, CESO V |
| | Librada M. Rubio PhD |
| | Ma. Editha R. Caparas EdD |
| | Nestor P. Nuesca EdD |
| | Engr. Edgard C. Domingo PhD, CESO V |
| | Leondro C. Canlas PhD, CESE |
| | Elizabeth O. Latorilla PhD |
| | Sonny N. De Guzman EdD |
| | Remedios C. Gerente PhD-CAR |

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**
Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 8
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

# 2

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 8: Pagsulat nang Wasto sa mga Salitang Idinikta

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino Baitang 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Pagsulat nang Wasto sa mga Salitang Idinikta.**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino Baitang 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Pagsulat nang wasto sa mga idiniktang mga salita F2KM-IVb-5

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na  naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay

nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.


Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!


## Alamin

Pagkatapos ng aralin na ito, ikaw ay inaasahang makasusulat nang wasto sa mga idiniktang mga salita (F2KM-IVb-5).


## Subukin


Panuto: Piliin ang tamang pagpapantig ng sumusunod na mga salita. Maaaring magpatulong sa magulang o tagapag-alaga sa pagbikas ng larawan. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

1.  plan-tsa plant-sa

2.  pl-ato pla-to

3.  glob-o glo-bo

4.  prut-as pru-tas

5.  gri-po grip-o

# Aralin 1

# Pagsulat ng Wasto sa mga Idiniktang mga Salita

Ang kaalaman sa idiniktang salita ay mahalagang malaman mo upang maisulat ng tama ang mga pahayag na naririnig.

Ang **pagdidikta** na isusulat ay paraan upang malinang ang kasanayang pakikinig. Kasabay nito ang paghulma sa kagalingan sa pagsulat ng mga napakinggan salita.

Ang **idiniktang salita** ay maaaring manggaling sa kausap, naitala sa "recorded on tape", at maging utos ng magulang.



Mahalagang parte ng katawan ang tainga upang marinig  ang kausap.



Ang mga napakinggan ay maaaring Isulat upang hindi makalimutan.

Ito ay nakatutulong upang mapahusay ang pagbabaybay ng salita. Para hindi magkamali.

1. Pakinggang mabuti ang salita.
2. Ayusin ang pagbaybay ng salita.
3. Suriin ang mga naisulat na salita.
4. Iwasto ang mga maling salitang naisulat.

## *Balikan*

Panuto: Piliin sa bawat bilang ang tamang pang-ukol na gagamitin sa pangungusap. Isulat sa sagutang papel sagutang papel ang tamang sagot.


1. Hiniram ni John ang libro (kay, kina) Lory.
2. Napakaganda ng pelikula na pinagbidahan (ni, nina) Katryn at Daniel.
3. Ang mga ayuda ay (para sa, ukol sa) mga nangangailangan.
4. (Ayon sa, Ayon kay) mga mambabatas malaki ang kinahaharap na problema ng ating bansa.
5. Malaki ang problemang kinahaharap ng ating bansa (ukol sa, ukol kay) Covid-19.

## *Tuklasin*

Sa modyul na ito, masusubok ang iyong napag-aralan sa idiniktang mga salita. Maghanda ng lapis at papel para sa pagsagot sa mga pagsasanay. Hingin ang tulong ng iyong magulang o tagapag-alaga na basahin at iparinig sa iyo ang kuwento tungkol sa pangarap ng magulang sa kaniyang anak.

**Pangarap ni Nanay at Tatay**

ni Erwin Gelomio Maneje



Sa bahay, ang naglilinis at nagluluto ay si Nanay Ising. Ang nagtatrabaho sa aming pamilya ay si Tatay Isko. Masipag na nagtutulungan ang aking magulang para sa

aming pamilya.

Pangarap nila na ako'y maging isang pulis.



Nangibang bansa si Tatay Isko para mabigyan kami ng magandang buhay at matupad ang kaniyang pangarap para sa akin.

Kaya ako nagsusumikap sa pag-aaral para matupad ang pangarap ng aking minamahal na magulang. Hinding-hindi ko sila bibiguin sa pangarap nila.

Panuto: Sagutin ang mga tanong. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. Ano ang ginagawa ni Nanay Ising sa kuwento?
    a. naglilinis at naglalaba
    b. umaawit at sumasayaw
    c. nanonood at kumakain

2. Sino ang nagtatrabaho sa pamilya?
    a. si Tatay Isko
    b. si Nanay Ising
    c. si Miko

3. Ano ang pangarap nina Nanay Ising at Tatay Isko kay Miko?
    a. maging doktor
    b. maging pulis
    c. maging guro

4. Bakit pumunta sa ibang bansa si Tatay Isko? Upang magkaroon ng ___.
    a. magulong buhay
    b. magandang buhay
    c. malungkot na buhay

5. Ano ang ginagawa ni Miko upang hindi masayang ang pagod ng kanyang Tatay Isko sa ibang bansa?
    a. nagsisikap
    b. tamad
    c. kumain lang

## *Suriin*

Mayroong pangarap para sa atin ang ating mga magulang. Tulad ng napakinggang kuwento, anong pangarap ng iyong magulang para sa iyo?

Panuto: Alin sa sumusunod ang tamang pagbaybay ng mga salita. Isulat sagutang papel ang iyong sagot.

(Ang magulang o tagapag-alaga ang siyang magbabasa ng mga idiniktang salita at pipiliin ng mag-aaral ang tamang sagot.)

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. **pulis** | - | pu-lis | pul-is |
| 2. **inhinyero** | - | in-hin-ye-ro | inhin-yer-o |
| 3. **guro** | - | gur-o | gu-ro |
| 4. **doktor** | - | dok-tor | dokt-or |
| 5. **abogado** | - | a-bo-ga-do | abo-gad-o |



*Mga Tala para sa Guro*

Ang **pagdidikta** ng isusulat ay paraan upang malinang ang kasanayang pakikinig. Kasabay nito ang paghulma sa kagalingan sa pagsulat ng mga napakinggan salita.

Mahalagang matutuhan ang idiniktang salita upang maging maayos ang pagbabaybay ng salita sa paraang pasulat.




# *Pagyamanin*

## Gawain 1


Panuto: Tingnan ang mga larawan. Ididikta o sasabihin ng iyong magulang o tagapag-alaga ang tamang pangalan ng sumusunod na mga larawan. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.


1.  ____________________

2.  ____________________

3.  ____________________



4.  ____________________

5.  ____________________

## Gawain 2

Panuto: Hanapin sa bawat bilang ang salitang hindi magkatugma na ididikta ng magulang o tagapag-alaga. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

1. bahay palay upuan
2. tsinelas kahon dahon
3. walis mesa tasa
4. lutuan liguan labas
5. kurtina kumot lumot

## Gawain 3


Panuto: Hanapin sa bawat bilang ang mga salitang magkatugma na ididikta ng magulang o tagapag-alaga. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

1. mesa misa bote
2. laso aso papel
3. amoy kahoy ilong
4. araw bataw kumot
5. gatas sapatos labanos

# *Isaisip*

Ang mga idiniktang salita ay isang mahalagang kaalaman na kung saan masasanay ang sarili sa mga tamang pagbabaybay, pagsulat ng salita, at maging sa pagsunod sa mga panuto ng nakatatanda o kasuap.

Batay sa napakinggang kuwento, si Miko ay nagsumikap sa pag-aaral para sa pagmamahal at pangarap ng magulang sa kanya. Bilang pagmamahal sa inyong magulang, isulat ang iyong pangalan at pangarap sa tulong ng gabay na pangako sa sagutang papel.



## Isagawa

Panuto: Babasahin ng magulang o tagapag-alaga ang bawat pangungusap. Piliin ang tamang baybay ng salitang idinikta o binigkas na makikita sa pangungusap. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

1. Si Gng. David ang aking (goro, guro).

2. May (tyokolate, tsokolate) si Miko galing ibang bansa.

3. Nagtakbuhan ang mga bata sa papasok ng (paaralan, paralan)

4. Isang (mangga, manga) ang hawak-hawak ni Simon.

5. (Nasurpresa, Nasorpresa) si Tina sa inihandang pagdiriwang sa kanyang kaarawan

## *Tayahin*

Panuto: Magsulat ng limang pahayag na madalas mong marinig sa iyong magulang o tagapag-alaga tuwing umaga. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. ______________________________________________
2. ______________________________________________
3. ______________________________________________
4. ______________________________________________
5. ______________________________________________

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Manood ng isang komersyal sa telebisyon. Isulat ang unang limang salita na narinig sa komersyal na napanood. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

1. __________, __________, __________, __________, __________

2. __________, __________, __________, __________, __________

3. __________, __________, __________, __________, __________

4. __________, __________, __________, __________, __________

5. __________, __________, __________, __________, __________

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**
1. plan-tsa
2. pla-to
3. glo-bo
4. pru-tas
5. gri-po

**balikan**
1. kay
2. nina
3. para sa
4. ayon sa
5. ukol sa

**Suriin**
1. Pu-lis
2. In-hin-ye-ro
3. Gu-ro
4. Dok-tor
5. A-bo-ga-do

**Isagawa**
1. guro
2. tsokolate
3. paaralan
4. Mangga
5. nasorpresa

**Pagyamanin**

Gawain 1
1. te-le-po-no
2. blu-sa
3. dyar-yo
4. kra-yo-la
5. trum-po

Gawain 2
1. upuan
2. tsinela
3. walis
4. labas
5. kurtina

Gawain 3
1. mesa-misa
2. laso-aso
3. amoy-kahoy
4. araw-bataw
5. sapatos-labanos

## *Sanggunian*


P.O. no.21, s2019. Policy Guides on the Kto12 Basic Education Program

https://commons.deped.gov.ph/melc_guidelines

Santos, P. (2011). *Bahagi ng Pananalita - Ang Pang-ukol (Preposition).* Retrived from http://filipinotutorial.blogspot.com/2011/09/bahagi-ng-pananalita-ang-pang-ukol.html?m=1

Mga Pang-ukol. (2017, January). *Spire up Learning*. Retrieved from http://spireuplearning.blogspot.com/2017/01/mga-pang-ukol.html

MacArthur, C. A., & Graham, S. (1987). Learning disabled students' composing under three methods of text production. *The Journal of Special Education, 21(3), 22-42.*

Stauffer, Russell G. (1970). *The language experience approach to the teaching of reading.* New York: Harper & Row.

Ailene Baisa-Julian et.al., 2018, Pinagyamang Pluma 7, 973 Quezon Ave., Quezon City, Phoenix Publishing House, Inc., pg. 85

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph